# HUWAG MATAKOT MAG SUMBONG.

**MAY KAKAYAHAN KANG PIGILAN ANG KAHARASAN SA KABABAIHAN.**



## Ang Violence Against Women and Their Children (VAWC)

ay isang public crime. Ibig sabihin ay pwede itong i-report o ireklamo ng sinumang may personal na kaalaman tungkol sa ginagawang pang-aabuso.

Hindi ito isyung pampamilya lamang. Ito ay isyu ng buong lipunan.

Sinisigurado rin ng batas ang proteksyon ng mga taong mag re-report at tutulong sa mga biktima ng VAWC. Lahat ng rekord at impormasyon patungkol sa VAWC cases ay kompidensyal at nagbibigay ng respeto sa right to privacy ng mga biktima at ng mga nag-report.

# ANG ANTI-VAWC ACT AY NAG BIBIGAY NG PROTEKSYON AT SUPORTA SA MGA BIKTIMA.



# MAY PATUTUNGUHAN ANG PAGSUSUMBONG

**RA 9262, Section 40**

Ang biktima ay may karapatang mabigyan ng tulong mula sa gobyerno, kabilang na ang:

- pansamantalahang tirahan
- libreng counseling
- tulong pangkabuhayan
- tulong pang medikal
- tulong panligal

# HINDI PANANAHIMIK, KUNDI PAGKILOS!



# REPUBLIC ACT 9262

## ANTI-VIOLENCE AGAINST WOMEN AND CHILDREN (VAWC) ACT

Ito ang batas na naglalayong protektahan ang kababaihan at kanilang mga anak mula sa pang-aabuso ng kanilang

1. asawa o dating asawa
2. kasintahan o dating kasintahan
3. ka-live in o dating ka live-in



# HINDI LAHAT NG NG PANG-AABUSO AY PISIKAL AT HINDI LAHAT AY NAKIKITA.

## MGA KLASE NG ABUSO:

### Sekswual na Pang-aabuso

- pilit na pakikipagtalik kahit ayaw ng babaeng asawa o kasintahan
- pagpilit sa kasintahan o asawa manood at gumawa ng malaswang bagay
- pananakit sa pribadong parte ng katawan ng babae

### Pinansyal na Pang-aabuso

- hindi pagbibigay ng suporta sa asawa o karelasyon at mga anak (legitimate man o hindi)
- pagbawal sa asawa o karelasyong babae na magkaroon ng lehitimong propesyon, trabaho, o negosyo
- pagkontrol sa personal na pag-aari ng karelasyong babae o sa conjugal na pag-aari bilang mag-asawa

### Pisikal na Pang-aabuso

- pambubugbog o pananakit sa babaeng karelasyon o sa mga anak nito

### Sikolohikal na Pang-aabuso

- pagsunod sa kasintahan o asawa saan man ito mag punta
- pagpapahiya sa harap ng ibang tao
- pagsabi ng masasakit na salita
- pagtataksil o panloloko sa asawa o kasintahan
- pagbabanta na sasaktan o papatayin ang sarili para manipulahin ang asawa o karelasyong babae
- paninira sa mga ari-arian at pananakit sa mga alagang hayop
- pagtataksil o panloloko sa asawa (marital infidelity)

# ISA SA APAT NA BABAE AY BIKTIMA NG PANG-AABUSO.

# LABANAN ANG KAHARASAN SA KABABAIHAN.



## SAAN AT PAANO HIHINGI NG TULONG?

**Violence Against Women (VAW)** Desk sa inyong barangay hall

**Social Welfare and Development Office (SWDO)** sa mga municipal o city hall

Women and Children Protection Desk sa mga presinto
Aleng Pulis Hotline: **0919 777 7377** o **0966 725 5961**
National Emergency Hotline: **911**

**Department of Social Welfare and Development**
Central office, Batasan Complex, Quezon City
(02) 8931 81 01 to 07
inquiry@dswd.gov.ph

**Department od Justice - Public Attorney's Office (PAO)**
4th & 5th floors, DOJ Agencies Building
NIA Rd, cor, East Avenue, Diliman, Quezon City
(02) 8929 36 local 106, 107, o 159
pao_executive@yahoo.com

**Inter-Agency Council on Violence Against Women and Their Children**
1145 J.P. Laurel St., Malacañang Palace Complex, San Miguel, Manila
0917 867 1907 o 0945 455 8121
iacvawc@pcw.gov.ph

Taguig